CWR Center for Women's Resources Since 1982

# DATA ALERT

June 2025

# Kababaihang estudyante: May kinabukasan bang aasahan?

**Sa muling pagbubukas ng mga pampublikong paaralan ngayong Hunyo, ano ang naghihintay para sa kababaihang estudyante sa gitna ng tumitinding krisis?**

1. **Mababang badyet para sa edukasyon**

Nananatiling hindi prayoridad ang edukasyon dahil sa baba ng badyet na nakalaan para rito. Ngayong taon, bagama't ₱913.29 bilyon ang badyet, katumbas lamang ito ng kakarampot na 1% na pagtaas mula sa ₱903.9 bilyong badyet noong 2024.

Sa katunayan, tinapyasan ng badyet ang mga institusyong pang-edukasyon, maliban sa Department of Education (Tignan ang Table 1).

**Table 1. Education sector budget per agency (2024-2025)**

| Institutions | 2024 | 2025 | Difference |
|---|---|---|---|
| State Universities and Colleges (SUCs) | ₱128.31B | ₱122.16B | ₱6.15B |
| Commission on Higher Education (CHED) | ₱36.69B | ₱33.31B | ₱3.38B |
| Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) | ₱21.24B | ₱20.74B | ₱500M |
| Department of Education (DepEd) | ₱717.66B | ₱737.08B | ₱19.42B |

Habang napakaliit ng badyet para sa edukasyon, binibigyan naman ng insentibo ang negosyo at malalaking proyektong imprastraktura na batbat ng korapsyon at kapalpakan. Pinaglalaanan din ng malaking badyet ang militar at pambayad ng utang ng bansa.

Ngayong taon, naglaan ang gobyerno ng ₱271.9 bilyon sa Department of National Defense (DND), ₱876.7 bilyon para sa debt servicing, at ₱1.11 trilyon sa mga proyektong imprastraktura ng Department of Public Works and Highways (DPWH). Sa kabila nito, libo-libo pa rin ang kulang na klasrum dahil sa bagal ng proseso ng pagpapatayo nito sa ilalim ng Basic Education Facilities Fund (BEFF) ng DepEd at DPWH.

**2. Malalang kahirapan**

Ngayong taon, umabot sa pinakamataas ang tantos ng kahirapan sa bansa bago ang eleksyon. Sa self-rated poverty survey ng Social Weather Stations (SWS) noong Abril, tinatayang 55% o 15.5 milyong pamilyang Pilipino ang nagsabing sila ay mahirap[1].

Sa katunayan, patuloy ang paglala ng kahirapan sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr. Batay sa parehong survey, umabot pa ito sa 63% o 17.4 milyong pamilyang Pilipino sa pagtatapos ng 2024—pinakamataas mula 2003[2].

Bagama't isang karapatan, nananatiling pribilehiyo ang edukasyon. Kaya kung sadlak sa kahirapan ang malawak na hanay ng mamamayan, malaking sagka sa pagtatapos ng kabataang kababaihan ang pribatisado at komersyalisadong edukasyon dahil sa laki ng gastos na kailangan sa pribado o pampublikong paaralan man.

**3. Palpak na K-12 program**

Ayon mismo kay Marcos Jr., bigo ang K to 12 program sa layunin nitong gawing "job-ready" ang mga nagsisipagtapos ng senior high school[3]. Bagkus, naging dagdag pasanin lamang ito sa mga magulang dahil sa karagdagang gastusin sa dalawang taong dagdag sa pag-aaral.

Bilang tugon ng Deped, pinag-eeksperimentuhan nilang muli ang kabataan. Binawasan nito ang core subjects at ang strand na maaaring tahakin ng mag-aaral, at sisimulan itong ipatupad ng DepEd ngayong taon[4]. Kasalukuyan ding may panukalang tanggalin ang senior high school at ibalik sa dating 10 taon ang basic education[5].

**4. Overcrowding at kakulangan ng mga guro at pasilidad**

Sa ulat ng Second Congressional Commission on Education (EDCOM II), tinatayang 165,443 ang kulang na silid-aralan sa bansa sa pagtatapos ng 2024. Dahil sa bagal ng proseso at korapsyon, walang naipatayong bagong silid-aralan noong 2022 sa ilalim ng pamamahala ni dating DepEd Secretary at Bise Presidente Sara Duterte.

Hindi rin prayoridad sa badyet ng administrasyong Marcos Jr. ang pagtatayo ng silid-aralan. Mula sa ₱24.70 bilyong badyet noong 2024 bumagsak ito sa ₱13.25 bilyon para sa 2025—malayo sa kinakailangang ₱105 bilyon ng DepEd upang makapagtayo ng 12,000 klasrum kada taon.

[1] 15.5 million Filipino families consider themselves poor in April 2025 – SWS
[2] SWS: Self-rated poverty at 63%, highest since 2003
[3] Marcos: K to 12 program didn't improve employability of graduates
[4] What the revised K to 12 program will look like
[5] Jinggoy Estrada wants to end senior high, saying it failed its goals

**5. Patuloy na pagtaas ng matrikula**

Ngayong taon, nakaamba ang pagtaas ng matrikula sa gitna ng patuloy na tumataas na presyo ng mga bilihin at iba pang bayarin. Ayon sa National Union of Students of the Philippines (NUSP), sa position paper na kanilang ipinasa sa CHED, mariing tinututulan ng mga estudyante ang pagtaas ng matrikula sa mga unibersidad na umaabot sa 3% sa National Teachers College hanggang 10% sa University of Cordillera[6].

**6. Pag-igting ng pribatisasyon**

Noong 2024, inilunsad ng DepEd ang Public-Private Complementarity Framework na layuning palawigin pa ang sakop ng Expanded Government Assistance to Students and Teachers in Private Education o E-GASTPE. Ang programang ito ang nagbibigay ng financial assistance sa mahihirap na mag-aaral upang pumasok sa pribadong paaralan.

Batay sa Senate Bill No. 2911, layuning isama na ang Kindergarten hanggang Grade 6 sa E-GASTPE. Sa kasalukuyan, junior high school at senior high school lamang ang sakop ng programa. Layunin diumano nito na tugunan ang malalang overcrowding sa mga eskwelahan ngunit lalo lamang nitong pinalalawak ang papel ng pribadong sektor habang patuloy ang pagliit ng badyet sa mga programa na direktang magpapabuti ng mga pampublikong paaralan.

**7. Mga kinukuhang kurso at gender roles**

Sa isang pag-aaral ng EDCOM II, lumabas na patuloy na nakatali sa gender roles at stereotypes ang kinukuhang kurso ng kababaihan sa ilalim ng Technical Vocational Education and Training (TVET), partikular ang mga kursong dressmaking, beauty care, at secretarial work na mababa ang sahod at kadalasan ay hindi regular ang trabaho. Bunsod nito, higit 50% ang tsansang pumasok sa impormal na ekonomiya ang kababaihan dahil hindi rin nila napakikinabangan ang mga kursong ito dahil sa malaking responsibilidad nila sa loob ng tahanan.

•••

Ang edukasyon ay batayang serbisyong panlipunan at responsibilidad ng gobyerno ang pagtitiyak na natatamasa ito ng bawat kabataang Pilipino. Ang mga problemang nabanggit ay ilan lamang sa maraming butas sa sistema ng edukasyon sa bansa, at titindi pa ito hangga't walang komprehensibong plano at suporta mula sa gobyerno. Hindi ito masosolusyonan kung patuloy ang pangungurakot ng mga nasa pwesto. Kailangan ang sistematikong paglutas sa mga kronikong problema ng edukasyon sa bansa kabilang na ang paglalaan ng sapat na badyet at maayos na paggamit dito.

[6] NOW: Student councils from various universities trooped to the Commission on Higher Education (CHED) to file a position paper opposing the Tuition and Other Fees Increase (TOFI)